Inclusive Employment Australia

Finding careers for people with disability

Ang iyong mga karapatan kapag lumalahok sa Inclusive Employment Australia

Kung lumalahok ka sa programa ng Inclusive Employment Australia, may mga karapatan ka at dapat asahan mo na may mga bagay na galing sa amin at sa iyong provider – makatarungang pagtrato, pagkapribado, maa-access na impormasyon, at tunay na mapagpipilian hangga't maaari.

Ang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan ay matatagpuan sa Inclusive Employment Australia Participant Rights and Responsibilities Statement (www.dss.gov.au/inclusive-employment-australia/resource/inclusive-employment-australia-participant-rights-and-responsibilities-statement).

Ang Statement (Pahayag) na ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon ng iyong mga karapatan kapag nagtutulungan kayo ng iyong provider, mga pamantayan na itinakda namin sa mga provider at kung paano makaka-access ng mga suporta.

Ang iyong karapatan sa may kalidad na mga serbisyo

May karapatan kang tumanggap ng mga magaling, may kalidad na serbisyo, at ang Department of Social Services ay may mga pamantayan na dapat matugunan ng mga provider ng Inclusive Employment Australia.

Dapat matugunan ng lahat ng mga provider ng Inclusive Employment Australia ang National Standards for Disability Services (NSDS) (www.health.gov.au/resources/collections/national-standards-for-disability-services-resources).

Itong mga Standard (Pamantayan) ay itinakdang mga patakaran na nagpapaliwanag kung paano ka dapat tratuhin. Nakakatulong ito upang matiyak na ikaw ay tratuhin nang makatwiran at patas at ikaw ay tumanggap ng mga may kalidad na serbisyo na nauugma sa iyo.

May 6 na mga Standard na nakabalangkas dito sa NSDS:

- Mga Karapatan
- Pakikilahok at Inklusyon
- Mga Pang-indibidwal na Kalalabasan
- Balik-puna at Mga Reklamo
- Access sa Serbisyo
- Pangangasiwa ng Serbisyo.

Ang iyong karapatan sa pagkapribado

May karapatan kang ipanatiling pribado ang iyong personal na impormasyon, at iyan ay dapat igalang ng provider ng Inclusive Employment Australia.

Ang iyong provider ay hihingi ng ilang personal na impormasyon kapag nagsimula ka na sa kanila. Mahihingi lamang nila ang impormasyong kailangan nila para maunawaan kung paano ka pinakamahusay na masuportahan.

Ang personal na impormasyon mo ay para sa iyo lamang at hindi ibibigay sa sinuman maliban kung kinakailangan ng batas, o nagbigay ka ng pagpayag.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagkapribado ay nasa website ng Inclusive Employment Australia (www.dss.gov.au/inclusive-employment-australia/inclusive-employment-australia-participant-privacy-and-consent).

Ang iyong karapatan na magbago ng isip

Maaari kang magbago ng isip at iurong ang iyong pagpayag (sabihing 'hindi') sa anumang oras kung ayaw mong ibigay ng provider ang iyong impormasyon sa kaninuman. Kausapin ang provider tungkol sa kung paano ito gagawin.

Mangyaring itanim sa isip na kung hindi ka magbibigay ng personal na impormasyon at inurong ang iyong pagpayag, maaaring maglimita ng mga serbisyo ang provider. Maaari din itong makaapekto sa mga kinakailangan ng iyong mutual obligation. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan ng mutual obligation ay nasa website ng Services Australia (www.servicesaustralia.gov.au/mutual-obligation-requirements).

Ang iyong karapatan para sa isang taga-interprete

Para makipag-usap sa amin sa iyong wika, magagamit mo ang Translating and Interpreting Service (TIS National).

Ang TIS National ay magagamit 24 oras buong araw, 7 araw ng linggo. May mga taga-interprete sa mahigit na 150 na mga wika. Tawagan ang TIS National sa **131 450**.

Bisitahin ang website ng TIS National (www.tisnational.gov.au) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanilang serbisyo sa pagsasalinwika.

Ang iyong mga karapatan kung hindi ka maligaya sa iyong serbisyo

Kung sa iyong palagay na hindi mo natatanggap ang tamang tulong, kausapin mo muna ang iyong provider. Ikakalugod ng iyong provider ang puna at gugustuhing makipagtulungan sa iyo para maresolba ang anumang problema.

Kung hindi mo pwedeng pag-usapan sa iyong provider ang tungkol sa mga pinag-aalala mo, o kung gusto mong maghain ng reklamo, matatawagan mo ang Complaints Resolution and Referral Service sa **1800 880 052**. Ito ay isang independiyenteng serbisyo ng pagreresolba.

Baka sakaling gusto mong humingi ng suporta sa isang tagapagtaguyod (advocate) sa pamamagitan ng programang National Disability Advocacy Program, na inihahatid ng Australian Government Department of Health Disability and Ageing. Ang isang tagapagtaguyod ay makakatulong sa iyo sa alinmang yugto ng programa.

Makakahanap ka ng provider sa pagtataguyod para sa may kapansanan sa iyong lugar kung bibisitahin ang Disability Advocacy Finder (www.askizzy.org.au/disability-advocacy-finder)

Karagdagang impormasyon

Matatagpuan mo ang karagdagang impormasyon at mapagkukunan sa website ng Inclusive Employment Australia (www.dss.gov.au/inclusive-employment-australia), pati na ang Participant Rights and Responsibilities Factsheet. Maaari mo ding tawagan ang telepono ng National Customer Service sa **1800 805 260**.

- Mga tagagamit ng Speak and Listen na telepono, tawagan ang 1300 555 727 at hingin ang 1300 653 227.
- Kung ikaw ay bingi/Bingi (d/Deaf), hirap-makarinig o may mga problema sa pagsasalita, gamitin ang National Relay Service para tawagan ang telepono ng National Customer Service Line. Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang www.accesshub.gov.au.
- Kung kailangan mo ng interpreter, tumawag sa TIS National sa **131 450*** at patawagan ang **1800 805 260**.

* Mga singil sa tawag ay maaaring ilapat para sa mga tawag sa '13' at '1800' na mga numero mula sa mga teleponong mobile.

Ang mga antas ng singil sa tawag mula sa landline at mga provider sa teleponong mobile ay maaaring magkakaiba. I-tsek sa kasalukuyan mong provider sa telepono.